




# PAGKAKABILANG, PAGIGING BATA AT MAGIGING MAYGULANG

Isang Balangkas ng Pagkakatuto sa mga  
Taon ng Kamusmusan para sa Australya



BELONGING,  
BEING &  
BECOMING

An Early Years Learning  
Framework for Australia

Impormasyon para  
sa mga pamilya

Tagalog

# BALANGKAS NG PAGKAKATUTO SA MGA TAON NG KAMUSMUSAN

Isang bago, pambansang balangkas sa maagang pagkakatuto para sa mga bata mula pagkapanganak hanggang limang taong gulang

## PATUNGKOL SAAN ITONG BAGONG BALANGKAS SA MAAGANG PAGKAKATUTO?


Nagbuo kami ng Balangkas ng Pagkakatuto sa mga taon ng Kamusmusan (Early Years Learning Framework) upang tiyakin na ang inyong anak ay makakatanggap ng mga may kalidad na programa sa edukasyon sa kanilang kamusmusang kalagayan. Ito ay isang mahalagang panahon ng kanilang pagkakatuto at paglaki.

Ang pananaw ng Balangkas (Framework) na ito ay para maranasan ng lahat ng mga bata na ang pagkakatuto ay kaakit-akit at lumilikha ng tagumpay sa buhay.

Isa itong patnubay para sa mga nagtuturo sa kamusmusang taon ng mga bata mula pagkapanganak hanggang limang taong gulang. Gagamitin nila itong Balangkas na kabalikat ang mga pamilya, ang una at pinakamaimpluwensyang tagapagturo sa mga bata, na makabuo ng mga programa ng pagkakatuto na tumutugon sa mga ideya, interes, lakas at abilidad ng mga bata at kinikilala na ang mga bata ay natututo sa pamamagitan ng kanilang paglalaro.

Ipinapaliwanag ng Balangkas ng Pagkakatuto sa mga taon ng Kamusmusan na ang kamusmusan ay isang panahon ng *pagkakabilang*, *pagiging bata* at *magiging maygulang*.

- **Pagkakabilang** (Belonging) ang siyang basehan sa pamumuhay ng isang makatuparang buhay. Pakiramdam ng mga bata na sila ay “*kabilang*” dahil sa kanilang mga kaugnayan sa kanilang pamilya, komunidad, kultura at lugar.
- **Pagiging bata** (Being) ay tungkol sa pamumuhay dito at sa kasalukuyan. Ang kamusmusan ay isang natatanging panahon sa buhay at kailangan ng mga bata ang panahon na ‘pagiging’ ganun lang —panahon para maglaro, sumubok ng mga bagong bagay at maglibang.
- **Magiging maygulang** (Becoming) ay tungkol sa natutuhan at kinalakihan na naranasan ng murang-edad na kabataan. Ang mga bata ay nagsisimulang magbuo ng kanilang uri ng pagkatao mula sa murang edad, na siyang humuhubog sa magiging anong uri ng pagkamaygulang nila.





“Gusto kong magkaroon ang aking anak ng maraming pagkakataon sa malikhaing paglalaro.”

## ANG PAGLALARO AY NAKAKATUTO

Ang paglalaro ay napakamahalaga sa mga bata mula sa pagkakaroon ng laro. Sa pamamagitan ng laro, ang mga sanggol at murang-edad na kabataan ay gumagalugad at natututong maintindihan ang kanilang mundong nakapaligid habang sila ay nakikipagtalastasan, nagtutuklas, naghahaka (imagine) at lumilikha(create).

Kung naglalaro ang mga bata, ipinapakita nila kung ano ang kanilang natutunan at kung ano ang sinusubukan nilang maintindihan. Ito ang dahilan kung bakit ang paglalaro ay isa sa mga pundasyon ng Balangkas ng Pagkakatatuto sa mga taon ng Kamusmusan.

Sa paggamit nitong Balangkas, gagabayan ng mga tagapagturo ang paglalaro ng inyong anak sa pamamagitan ng maingat na pagdidisenyo ng mga gawain na pag-aaralan at mga nakakapagpasiglang mga panloob at panlabas na mga kapaligiran ng pag-aaral.

## ANG MGA UGNAYAN ANG PINAKASUSI

Alam na alam ng lahat na ang mga bata ay pinakamahusay na natututo kung sila ay mayroong mga matiwasay na kaugnayan sa mga mapagmahal na maygulang. Kung ang mga bata mula sa murang edad ay nakapagbuo ng mapagtitiwalaang mga kaugnayan, sila ay lalong nagiging may-pagtitiwala at nakapaggagalugad at natututo.

Sa kanilang mga kamusmusang kalagayan, kung ang mga bata ay nakakaramdam ng matiwasay na emosyon, nakakabuo sila ng mga kagalingan at pagkakaintindi na kailangan nilang makitungo ng positibo sa ibang mga tao at unti-unting matutunang humawak ng responsibilidad.





# PAANO ITO GAGANA?


Gagamitin ng mga tagapagturo itong bagong Balangkas sa isang hanay ng mga kamusmusang kalagayan, kabilang ang pangmahabang-araw na paalagaan (long day care), bago mag-eskwela (preschool) at pampamilyang pang-araw na paalagaan (family day care) upang matiyak na ang inyong anak ay makakatanggap ng mataas na uring karanasan. Ito ay nilikha at nasubukan ng may-karanasang mga tagapagturo sa kamusmusang taon, taga-akademika, magulang at tagapag-alaga.

Ang Balangkas ay nakatuon sa pagkakatuto ng inyong anak. Ang mga tagapagturo ay makikipagtulungan sa inyo upang makilala nila ng lubusan ang inyong anak. Lilikha sila ng isang programa ng pag-aaral na magpapalawak sa mga hilig at kakayahan ng inyong anak, at ipaalam sa inyo ang pagsulong ng inyong anak.

Sa pamamagitan ng mga limang hangarin sa pagkakatuto na nasa Balangkas, ang mga tagapagturo ay tutulong sa inyong anak na makabuo ng:

- isang malakas na pagkakakilala sa sarili
- mga koneksyon nila sa kanilang daigdig
- isang malakas na paniniwalang kaayusan
- tiwala at pakikilahok sa kanilang pinagkakatatuhan; at
- mga mabisang kahusayan sa pakikipagkomunikasyon.

“Ang mga resulta sa natutunan ay positibo at nakakatulong sa aking pag-iisip kung paano sumusulong ang aking anak.”





## PAGMAMASID SA PROGRESO NG INYONG ANAK



Sa paggamit ng Balangkas ng Pagkakatuto sa mga taon ng Kamusmusan pagmamasdan ng mga tagapagturo ang pagkakatuto ng inyong anak upang madugtungan nila ito at planuhin ang mga susunod na hakbang.

Gagawin nila ito sa pamamagitan ng pakikinig, pagmamasid at pakikipag-usap sa inyong anak.

Makikipagtalastasan sila sa inyo ng palagi upang pag-usapan ang pagsulong ng inyong anak. Maaari silang gumamit ng mga larawan o magtago sa isang polder ng mga ginawa ng inyong anak upang ipakita kung ano ang natututunan, kung paano sila umuunlad at kung ano ang pinagkakahiligan.

Bago pa pumasok sa paaralan ang inyong anak, ang mga tagapagturo ay maghahanda ng impormasyon tungkol sa pagkakatuto at pag-unlad ng inyong anak para ibahagi sa bago nilang guro. Ito ay makakatulong sa katiyakang ang bagong paaralan ng inyong anak ay handang-handa sa pagpapatuloy ng pagkakatuto ng inyong anak.



## MAGKASAMANG PAGTUTULUNGAN

Sa pamamagitan ng magkakasamang pagtutulongan ang mga magulang at tagapagturo ay makapagdaragdag sa pagkakatuto at kapakanan ng isang bata.

Bilang isang pinakamahalagang tao sa buhay ng inyong anak, makagagawa kayo ng pagkakaiba sa pamamagitan ng palaging pakikipag-usap sa tagapagturong pangkamusmusan ng inyong anak at pagpapakita ng inyong interes sa kanilang pagkakatuto.

Ang impormasyong inyong maibibigay sa tagapagturo ay magagamit nito upang pag-ugnayin ang mga karanasan ng inyong anak sa bahay at sa mga oras na kasa-kasama nila sa pangkamusmusang kalagayan.

“Ang Balangkas ng Pagkakatuto sa mga Taon ng Kamusmusan ay nakatulong sa akin na maintindihan kung gaano kahusay ang mga kawani sa aming sentro at talagang malaki ang naitulong nila sa akin at sa pamilya ko.”





## MALAMAN ANG KARAGDAGAN

Ang buklet na ito ay isang panimula sa Balangkas ng Pagkakatuto sa mga taon ng Kamusmusan.

Para sa dagdag na kaalaman, magtungo sa [deewr.gov.au/earlychildhood](http://deewr.gov.au/earlychildhood) o kaya magtanong sa tagapagturong pangkamusmusan ng inyong anak.

Produced by the Australian Government Department of Education, Employment and Workplace Relations for the Council of Australian Governments.

A09-057

